# ANG SALIGANG BATAS NG REPUBLIKA NG ITALYA

***«Ang kapulungan ay lumikha at sumulat sa Saligang Batas bilang isang kasunduan ng pagkakaibigan at pagkakapatid ng lahat ng Italyano, kung kanino ay ipinagkakatiwala ang dokumentong ito upang kanilang mahigpit na pangangalagaan at ipatupad ito sa pamamaraang nababantayan.»***

*Umberto Terracini*

Isang kasunduan ng pagkakaibigan at pagkakapatid. Ito ang naging layunin ni Umberto Terracini – isa sa tatlo kabilang sina De Gasperi at De Nicola na lumagda sa Saligang Batas. Ito ang mga salitang ginamit niya noong 1947 sa pagharap sa pinakamahalagang nilalaman ng batas ng Italya sa mamamayan ng Italya. Iyon ay isang panahon kung kailan ang mga nag-iibang bansa ay ang mga Italyano. Sila'y umalis patungo sa Estados Unidos, Alemanya at Canada. Ngayon, matapos ang maraming taon, kung kailan maraming tao ang dumarating araw-araw sa Italya magmula sa lahat ng sulok ng mundo, upang manirahan at makibagay, ako'y naniniwala na ang kasunduang ito ay may-saysay at may-bisa ngayon higit pa sa kailanman.

Pagkakaibigan at kapatiran. Ang paanyaya ni Terracini na magbuklod-kamay tayo, upang maging kapatid ng lahat, ay nakatuon sa isang bansa at populasyon na kagagaling pa lamang sa isang digmaang sibil. Ang dalawang salitang ito ay nag-aanyaya ng kapayapaan at pagkakaisang sibil. Sa katunayan ano ang pagkakaibigan, kung hindi isang ugnayan na kung saan ang dalawa o higit pang kalalakihan at kababaihan ay nagtatagpo, nagkakakilala, nagiging impluwensiya para sa isa't-isa, nakakapagpabago sa isa't isa, nasusubok na hindi kailanman igiit ang kanilang mga pananaw nang may pagpilit? Ano ang kapatiran kung hindi isang paraan ng paghanap, araw-araw, kahit na may kabayaran, sa mapayapang pagkakaisa?

Dapat nating isa-isip ang kahulugan na pinagbatayan ng Saligang Batas. Ang Italya, matapos ang pasismo at digmaan, ay isang bansang lubos ang pagkakahiwa-hiwalay, napilatan ng malalalim na sugat, labis na kaibahan, poot sa kababaihan, at kaguluhang dulot ng pagkakaiba ng kasaysayan, heograpiya, antas at kultura. Isang lunas ang kinakailangan para sa mga insidente ng karalitaan, hidwaan, pag-abuso sa kapangyarihan, pananamantala at dahas. Ang kinakailangan ay kalayaan, pagkapantay-pantay, kapayapaan. Sa kadahilanang ito, itinatakda ng saligang batas ng Italya sa Republika- sa artikulo 3 – ang tungkulin na tanggalin at supilin ang lahat ng hadlang sa kabuhayan at lipunan na pumipigil sa pagkakapantay-pantay ng mamamayan. Sapagka't hindi makakamit ang kalayaan kung wala ang pagkapantay-pantay. Tulad rin ng ganap na pag-unlad ng tao at mabisang pakikilahok ng lahat, kalalakihan at kababaihan, sa organisasyong pampulitika, pang-ekonomiya at panlipunan ng bansa, ay hindi mangyayari nang wala ito.

Isa pang pananaw ng talumpati ni Terracini na nais kong gunitain. Ang tadhana ng ating saligang batas, ayon sa kanya, ay nakasalalay sa mamamayang Italyano. Ang mamamayan ang siyang dapat na tagapagpatupad. Ang tagapagpatupad ay ang tagapangalaga. Ano kung gayon ang isang tagapagpatupad? Siya ang nagbibigay anyo sa isang kasulatan na magamit sa praktikal na buhay, di-matinag na pagkilos, mga damdamin, mga adhikain, at mga pangangailangan. Ang isang batas, kahit na pinakamahusay pa, ay hindi nagkakabuhay kapag hindi ito nagiging pangkaraniwang gawi ng mga kalalakihan at kababaihan. Tayong mga kalalakihan at kababaihan na naninirahan ngayon sa Italya, mga Italyano at imigrante, ang siyang kailangang titiyak na walang hidwaan, tulad ng sa panahon nang may pasismo at digmaan, na babalik. Tayo ang siyang dapat na manigurong hindi na muling manunumbalik ang pagtatangi-tangi sa ibang lahi, pananamantala, pag-abuso sa kapangyarihan o tiyakin na ang mga ito ay masupil saanman ito kalungkot-lungkot na nagaganap. Silang pumipiling manirahan sa Italya ay may tungkulin na mamagitan upang matiti-

yak na ang batas ay ibagay ayon sa mga nagbabagong katotohanan. Ang hinaharap natin ngayon ay isang kalagayan ng pagkakahiwalay-hiwalay, pagkakabukod, kasalimuutang panlipunan, na dumaranas ng mabilis at tuloy-tuloy na pagbabago. Ang kawalang katiyakan, kawalang-tatag, at takot sa pagiging iba ay bahagi ng ating buhay.

Ang ating pagtago, pagbabakod sa mga sarili natin at di-pakikibilang sa iba ay hindi nakakatulong na malampasan ang suliraning ito. Sa halip ay dapat nating panumbalikin ang kasunduan ng pagkaka-isang panlipunan, ang pananaw na iminungkahi ni Terracini noong 1947. Dapat nating makita na ang pagkakaiba-iba ay isang mahalagang katangian, ipakipagpalitan bilang kayamanan. Ang Italya ngayon ay mas malaki at binubuo ng mga kababaihan at kalalakihan na isinilang sa Italya at sa ibang mga bansa. Sama-sama, kinakatawan ng mga mamamayang ito ang malaki nating pagkakataon. Lahat ng kalalakihan at kababaihan na ito ay tangan ang mga karapatang di-malalabag.

Malinaw na ipinapahayag ng ating saligang batas ang katotohanang ito. At ito ay ating tiyak na karta. Ang mga karapatang di-malalabag ay naipapatupad para sa lahat, at itoy' nakatala nang paisa-isa. Mayroong karapatan sa kalayaan sa pagkilos, karapatan sa pagbubuklod, kalayaan na magpahayag ng mga relihiyosong pananampalataya, karapatan sa malayang paghayag ng mga kuro-kuro at na hindi maiharap sa mga hakbanging pangkaligtasan maliban kung may mga tukoy na garantiya. Ang lahat ay mayroong karapatan na mag-aral, magtrabaho, sa edukasyon para sa kanilang mga anak, sa pag-organisa ng mga unyon, ayon sa isinasaad ng karta ng mga karapatan. Isang karta ng mga karapatan na makabago at maunlad sa katangiang pangkultura. Isang karta na kumikilala sa mga karapatan, kalayaan, pagkapantay-pantay, tulad ng aming isinaad. At iyong nangangailangan ng pagsasakatuparan ng mga tungkilin. Ng lahat.

Wala nang higit pang kinakailangan para sa isang kasunduan sa pagkakaisang panlipunan. Hindi na kailangan pa ang isang bagong saligang batas o mga natatanging patakaran para sa mga imigrante. Dapat tanggapin ng sinuman na nakatira sa Italya ang nagbubuklod na kasunduang ito para sa pagkakaisang panlipunan. At ang batayan ng kasunduang ito ay narito, halintulad noong 1947, sa Saligang Batas. Para sa lipunang gumagalang sa pantay-pantay na dangal, sa mga pangunahing karapatan ng bawa't tao, at sa mga tungkuling nagbubuklod sa isa't isa at sa buong populasyon.

Dahil dito ninanais, at dapat natin itaguyod at muling ilunsad ang Saligang Batas, upang ikalat ang balita sa mga imigrante at mga Italyano sa pagkapanganak na hindi pa ito lubos na nalalaman. Dapat nating pag-usapan ito sa ating pinagtatrabahuan, sa mga paaralan, sa mga pampublikong tanggapan, upang, kasama ng wikang Italyano, ito ay magiging bahagi ng panlipunang pagsasa-isa at pangkulturang pagpapalaganap. Iyong mga naninirahan sa Italya sa loob ng ilang taon na at iyong mga kararating lamang ay kailangang magbalik sa pag-uusap tungkol sa mga pangunahing prinsipyo ng ating demokrasya.

Ang Saligang Batas ay hindi lamang dapat igalang ng lahat, kundi ay pagmamay-ari ng lahat at para sa lahat ng naninirahan sa Italya. Isang kasunduang batay sa pagkilala sa mga pagkakaiba-iba at sa paggalang ng mga karapatan sa karaniwang pamumuhay. Batay sa mga prinsipyong ito kinakailangan nating subukan na magtatag ng pagkakaisang panlipunan para sa lahat, saan mang sulok ng bansa, sa mga lokal na komunidad, sa mga munisipalidad at sa mga distrito. Upang itatag ang Italya at mga Italyano ng hinaharap; isinilang man sa Italya o sa ibang bansa.

**Paolo Ferrero**
*Kagawaran ng pagkakaisang panlipunan*

## ANG SALIGANG-BATAS AT PAMUMUHAY NANG SAMA-SAMA
## Pag-uulit ng kasunduang pamumuhay nang sama-sama upang palakasin ang demokrasya.

May dumadaming bilang ng mga lalaki at mga babae dito na naninirahan sa mga komunidad na sari-sari ang lahi, kung saan iba't ibang mga bansang kinabibilangan, mga wika, mga kultura at mga relihiyon ang sama-samang nandoon, at nagbubunga ng mga pagbabagong malalim ang pinanggalingan. Ang imigrasyon ay isang hamon sa ating demokrasya: tayo ay nanganganib na ang isang baluktot na representasyon ng pangyayaring ito ay magreresulta sa pagkupkop ng lipunan ng mga saloobin na makitid ang pag-iisip, mabagabag at walang-kibo; sa kabaliktaran, ang imigrasyon ay maaari ring maging isang pagkakataon na maitatag ang isang bagong kultura ng pamumuhay nang sama-sama, na nagsisimula talaga mula sa katotohanan at sa mga naaangkop na problemang dinadala nito.

Sa kabila ng araw-araw na karanasan ng milyon-milyong mga tao na umambag sa isang positibong pagsulong ng mga relasyon sa pagitan ng mga Italyano at mga dayuhan, ang mga imigrante sa Italya ay nagtitiis pa rin sa malawakang negatibong imahen sa opinyon ng publiko at ito ay bumubuhay sa diskriminasyon at marhinalisasyong panlipunan na dapat talunin ng walang pag-aalinlangan.

Kailangan ang isang bagong kasunduang panlipunan, na itinatag upang maging matimbang ang mga pantaong karapatang at mga pananagutan, at sinasaklaw ang kalayaang personal at mga responsibilidad na kolektibo. Nangangailangan tayo ng mga mekanismo para sa paglalakip na magsisiguro sa mga karapatan at karangalan para sa lahat. Higit sa lahat, dapat nating hikayatin ang kaalaman ng isa't isa, ang pagpupulong at pagpapalit ng mga kultura na inilalaan sa masigla, at hindi sa nakapirming pandama, na walang pagbabago, at nagtataguyod ng mga panharapang tungkulin para sa mga migrante, na nagreresulta sa pagpapalagay ng responsibilidad sa mga pamamaraang integrasyon, simula sa mga bagong henerasyon. Ang proyekto na "Città Aperte" [Mga Bukas na Siyudad] ay nagbibigay sulong sa mga layunin at tumututok sa Saligang-batas bilang kumpas na magtuturo sa kasunduang kinakailangan upang makamtan ang mga pakay na ito.

Ang ating Saligang-batas ay ang haligi kung saan ang kasunduan para sa pamumuhay ng sama-sama ay tinayo, na nagpapahintulot sa Italya na lumaki at maging isang demokrasyang matatag, kung saan ang lahat ay lumalahok, may pluralismo, at kultura ng "panlahatang kayamanan". Ang kasunduang ito ay dapat palakasin at baguhin upang humarap sa mga pagbabago na nakakaapekto sa lipunan, ang pagdating ng mga bagong pigura, mga bagong pangangailangan, mga bagong karapatan sa lipunang yaon. Ngunit sa muli, ang pangharap na pananaw at pagiging matimbang ng mga prinsipyo sa ating Saligang-batas ang magbibigay sa atin sa mga kasagutang hinahanap natin.

Nang dahil nito, nagpasiya kaming isalin ang Saligang-batas ng Italya sa sampung mga wika na pinakakaraniwang ginagamit ng mga imigranteng naninirahan sa Italya. Binabalak naming gawin ito na basehan sa isang kampanya upang iangat ang pagkamulat at pagsaalang-alang ng publiko, lalo na sa mga kabataang Italyano at dayuhan. Magtataguyod kami ng mga pagtatagpo at mga pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan na may iba't-ibang lahi sa mga munisipalidad, mga paaralan, mga komunidad at mga tagpuang pook, upang ang realidad ng mga prinsipyong ito sa ilalim ng sari-saring mga kultura na may representasyon ay maaaring pag-usapan at maibalita.

Nakatitiyak kami na ang lahat ng ito ay makakahikayat ng isang pamamaraan ng pagkamulat at pagtanggap sa isa't isa sa ating mga lokal na komunidad, at magbibigay ng matatag na kontribusyon sa kasunduang kolektibo at laganap na kailangang isakatuparan kung tayo ay magtatayo ng isang bagong kultura sa pamumuhay nang sama-sama para sa isang lipunan na sari-sari ang lahi.

Roma, 25 Mayo 2007

**Paolo Beni**
*Presidente ng ARCI*

Alam ba talaga ng mga Italyano nang malaliman ang mga prinsipyo ng Saligang Batas? Ang katanungang ito ay madalas na imungkahi, at lagi na lamang ay kasama ng isang di-kaaya-ayang kasagutan, kasabay ng matinding pangangailangan sa mas masigasig na pagpansin sa pagtuturo sa lipunan, lalo na ang pagtutok sa kabataan.

Ang maging mulat sa mga simulain ng Estado ng Italya, sa mga kaisipan na nagpasigla sa mga patakaran, mga lehislatibong pamantayan na ang batayan ay ang batas ng Italya, ay dapat na siyang maingat na paninindigan ng bawa't mamamayan. Ngunit hindi natin halos maitago ang katotohanan na ito'y hindi nangyayari. Sa kadahilanang ito, dapat na pagkalooban ng natatanging pagsang-ayon ang pangunguna ng ARCI, sa proyektong <Città aperte> ("Nakabukas na Bayan") na may pagsasalin ng saligang batas sa sampung wika.

Sa isang lipunan na tuwina'y nagbabago ang kultura at may sari-saring demograpiko, kung saan sa ilang mga kaso ang mga bagong mamamayan ay naninirahan sa Italya ng iilang taon lamang, ang pagharap sa saligang batas ay kumakatawan sa pagkakataong tingnan nang mas maigi ang bansang ito, tumutulong sa kanila at sa atin na maunawaan at mabago ang ating kamulatan sa mga karapatan pati na sa ating mga tungkulin.

Isang panahon para sa pagmuni-muni at pag-unawa na ang panimulang ito ay makakatulong sa pamamagitan ng pagsama pati sa mga Italyano sa pagkapanganak, na maaaring nagmamaliit at marahil ay samantalahin ang kaalaman sa ilang partikular na tuntunin. At sa mas malawakang kamulatan at pamamahagi, mas madali ang pagkakaisa at kasunduang panlipunan ng mga miyembro ng iisang populasyon, na may mga layuning maaabot.

Siena, 28 Mayo 2007

**Gabriello Mancini**
*Presidente ng Fondazione*
*Monte dei Paschi di Siena*

## MGA SALIGANG PRINSIPYO

**Art. 1** Ang Italya ay isang Republikang Demokratiko, na naitatag sa gawa. Ang kapangyarihan ay angkin ng sambayanan, na gumagamit dito sa mga pamamaraan at hangganang itinakda ng Saligang Batas.

**Art. 2** Ang Republika ay kumikilala at gumagarantiya sa mga di-malalabag na karapatang pantao ng isang mamamayan, at sa loob ng mga pangkat panlipunan na kung saan ipinapahayag niya ang kanyang personalidad at hinihingi ang katuparan ng mga di-malalabag na tungkulin ng pagkakaisang pampulitika, pangkabuhayan, at panlipunan..

**Art. 3** Ang lahat na mamamayan ay may pantay-pantay na karangalang panlipunan at pantay-pantay sa ilalim ng batas, na walang pagtatangi sa kasarian, lahi, wika, pananampalataya, mga opinyon sa pulitika, at mga kalagayang personal o panlipunan. Tungkulin ng Republika na alisin ang mga hadlang na may katangiang pangkabuhayan at panglipunan na kung saan, ay talagang humahadlang sa kalayaan at pagkapantay-pantay ng mga mamamayan, ay pumipigil sa ganap na paglago sa pagkatao at sa mabisang pakikilahok ng lahat ng mangagawa sa organisasyong pampulitika, pangkabuhayan at panlipunan ng bansa.

**Art. 4** Kinikilala ng Republika ang karapatan ng lahat ng mamamayan na magtrabaho at itinataguyod nito ang mga tadhana na nagbibigay-bisa sa karapatang ito. Ang bawat mamamayan ay may tungkulin, ayon sa kaniyang mga kakayahan at sariling pamimili, na gampanan ang isang gawain o tungkulin na makaka-ambag sa materyal o espirituwal na pagsulong ng lipunan.

**Art. 5** Ang Republika, iisa at hindi nahahati, ay kumikilala at nagtataguyod ng mga awtonomiyang lokal; ay ipinapatupad sa mga serbisyong iyon na nakasalalay sa pamahalaan ang pinakaganap na hakbangin sa desentralisasyon ng pamamahala; ay pinagkakasundo ang mga prinsipyo at mga pamamaraan ng pagsasabatas nito ayon sa mga kinakailangan ng awtonomiya at desentralisasyon.

**Art. 6** Pinangangalagaan ng Republika ang mga minoridad sa pamamagitan ng mga angkop na hakbangin.

**Art. 7** Ang Estado at ang Simbahang Katoliko, sa loob ng kani-kanilang sariling mga kautusan, ay malaya at makapangyarihan. Ang kanilang mga ugnayan ay pamamahalaan ng Mga Kasunduang Lateran. Ang mga pagbabago sa Mga Kasunduan na tinanggap ng dalawang panig ay hindi kinakailangan ang pamamaraan para sa pagbabagong konstitusyonal.

**Art. 8** Ang lahat ng relihiyosong pananampalataya ay malaya sa ilalim ng batas. Ang mga relihiyosong pananampalataya na naiiba sa pananampalatayang Katoliko ay may karapatan na magbuklod ayon sa kanilang sariling mga panukala, sa hangganang hindi sasalungat sa mga batas ng Italya. Ang kanilang mga ugnayan sa Estado ay pamamahalaan ng batas batay sa kasunduan sa pagitan ng mga kinauukulang kinatawan.

**Art. 9** Itinataguyod ng Republika ang pagsulong ng kultura at pag-aaral na siyentipiko at teknikal. Pinangangalagaan nito ang anyong-lupa at pamana ng kasaysayan at sining ng Bansa.

**Art. 10** Ang mga batas ng Italya ay sumusunod sa mga simulain ng batas internasyonal na kinikilala ng lahat. Ang katayuang legal ng mga dayuhan ay pamamahalaan ng batas sang-ayon sa mga tadhana at kasunduang internasyonal. Ang dayuhan na pinagkaitan sa kaniyang sariling bansa ng tunay na pagganap sa mga kalayaang demokratiko na ginagarantiya ng Saligang Batas ng Italya ay may karapatan sa santuwaryo sa teritoryo ng Republika, alinsunod sa mga tadhana na itinatag ng batas. Ang ekstradisyon ng isang dayuhan para sa mga pagkakasalang pampulitika ay hindi tinatanggap.

**Art. 11** Itinatakwil ng Italya ang digmaan bilang kasangkapan ng pananalakay laban sa mga kalayaan ng ibang tao at bilang paraan ng pagsasaayos ng mga sigalot na internasyonal; ito ay sumasang-ayon, sa mga kondisyon ng pagkakapantay-pantay sa ibang mga estado, sa mga limitasyon ng kapangyarihan na kinakailangan para sa kaayusan na titiyak sa kapayapaan at katarungan sa pagitan ng mga Bansa; ito ay nagtataguyod at naghihikayat sa mga

organisasyong internasyonal na may mga magkatulad na layunin.

**Art. 12** Ang bandila ng Republika ay ang tatlong kulay ng Italya: luntian, puti at pula, sa tatlong patayong benda na may magkakapantay na sukat.

BAHAGI I
**MGA KARAPATAN AT TUNGKULIN NG MGA MAMAMAYAN**

PAMAGAT I
**MGA KARAPATANG SIBIL**

**Art. 13** Ang kalayaang personal ay di-malalabag. Walang anyo ng pagbilango, inspeksiyon at paghahalughog na personal ay tinatanggap, ni anumang ibang paghihigpit sa kalayaang personal maliban sa itinatadhana ng isang kautusan na nagsasaad ng dahilan mula sa isang panghukumang awtoridad at tanging sa mga sitwasyon at paraan na itinatadhana ng batas. Sa mga natatanging kaso ng pangangailangan at kagipitan, na mariing itinakda ng batas, ang mga awtoridad ng pulisya ay maaaring magsagawa ng mga pansamantalang hakbang na dapat maipagbigay-alam sa loob ng apatnapu't walong oras sa mga awtoridad ng hukuman at kung ang mga ito ay hindi nila nabigyan-tibay sa susunod na apatnapu't walong oras, ay babawiin at magiging walang-bisa. Ang lahat ng karahasang pisikal o moral laban sa sinumang napapasa-ilalim sa anumang pamamaraan sa pagpigil sa kalayaan ay paparusahan. Itinatatag ng batas ang pinakamahabang panahon sa mapaghadlang na pagpipigil.

**Art. 14** Ang tahanan ay di-malalabag. Ang mga inspeksiyon o panghahalughog o pangsasamsam ay hindi maaaring isagawa maliban sa mga sitwasyon at pamamaraan na itinakda ng batas alinsunod sa mga garantiya na itinakda para sa pangangalaga sa personal na kalayaan. Ang mga pagsusupil at mga inspeksiyon sa mga kadahilanang pangkalusugan at kaligtasan ng madla o para sa mga layuning pangkabuhayan at pananalapi ay pamamahalaan ng mga natatanging batas.

**Art. 15** Ang kalayaan at pagiging lihim ng korespondensya at ng iba pang uri ng komunikasyon ay di-malalabag. Ang paghihigpit ay maaari lamang ipataw ng kautusan na nagsasaad sa mga kadahilanang ipinag-utos ng panghukumang awtoridad lakip ang mga garantiyang itinatag ng batas.

**Art. 16** Ang lahat ng mamamayan ay maaaring maglakbay o magbiyahe nang malaya sa alinmang bahagi ng teritoryong pambansa, maliban sa mga karaniwang limitasyon na itinatatag ng batas sa mga kadahilang pangkalusugan at pangkaligtasan. Walang paghihigpit na maaaring gawin para sa mga kadahilanang pampulitika. Ang lahat ng mamamayan ay malayang makaka-alis at makakabalik sa teritoryo ng Republika, sa kondisyon na ang mga pananagutang legal ay nasapatan.

**Art. 17** Ang mga mamamayan ay may karapatang magtipon nang mapayapa at nang walang armas. Walang paunang abiso ang kinakailangan para sa mga pagpupulong, kahit na sa mga pook na bukas sa publiko. Para sa mga pagpupulong sa mga pampublikong pook, kailangang magbigay ng paunang abiso sa mga awtoridad, na maaaring magbawal sa kanila tanging para sa mga napatunayang hangarin na kapanatagan at kaligtasan ng publiko.

**Art. 18** Ang mga mamamayan ay may karapatang magtatag ng mga asosasyon nang malaya, nang walang pahintulot, para sa mga kalalabasan na hindi ipinagbabawal sa mga tao ng batas kriminal. Ang mga asosasyong lihim at yaong nagtataguyod, kahit na di-tuwiran, ng mga kalalabasang pampulitika sa pamamaraan ng mga organisasyong na may katangiang militar, ay ipinagbabawal.

**Art. 19** Ang lahat ay may karapatan na malayang magpahayag ng kanilang sariling pinanampalatayaang relihiyon sa anumang anyo, pansarili o may kasama, na itaguyod at isagawa ito nang pribado o pampublikong kulto, sa kondisyon na ang mga ritwal ay hindi salungat sa moralidad.

**Art. 20** Ang pangsimbahang katangian at ang layunin ng relihiyon o pagsasamba ng isang asosasyon o institusyon ay hindi maaaring maging dahilan para sa mga natatanging limitasyon sa batas, o para sa mga natatanging pananalaping pagpapataw sa pagtatayo, kakayahang legal at iba pa nitong mga gawain.

**Art. 21** Ang lahat ay may karapatan na malayang ipahayag ang kanilang sariling saloobin sa pamamagitan ng salita, sa pagsusulat at sa lahat ng pamamaraan ng komunikasyon. Ang pahayagan ay hindi maaaring ipasailalim sa pahintulot o pagsensura. Ang pagsamsam ay pahihintulutan lamang gamit ang isang detalyadong kautusan mula sa panghukumang awtoridad sa kaso ng mga pagkasasala na kung saan ang batas na namamahala sa pahayagan ay maliwanag na nagpapahintulot, o sa kaso ng paglabag ng tadhanang itinakda ng batas para sa paghayag sa mga partidong mananagot. Sa gayong pagkakataon, kung may ganap na kagipitan at kung ang napapanahong pamamagitan ng panghukumang awtoridad ay hindi maaari, ang mga pahayagang peryodikal ay maaaring samsamin ng mga opisyal ng pulisyang kriminal, na sa pinakamadaling panahon ay kailangan, at hindi kailanman makalipas ang higit sa dalawampu't apat na oras, ang mag-uulat ng pangyayari sa panghukumang awtoridad. Kung hindi mabigyan-tibay ng huli ang pagkilos sa loob ng dalawampu't apat na oras, ang pagsamsam ay nauunawaang iniurong at ipinasawalang–bisa. Ang batas ay maaaring magtatag, sa pamamagitan ng mga karaniwang tadhana, na ang mga pinanggalingan ng pananalapi ng pahayagang peryodiko ay ihahayag. Ang mga nalimbag na pahayagan, mga palabas at iba pang pagtatanghal na salungat sa moralidad ay hindi pinahihintulutan. Ang batas ay nagtatag ng mga naaangkop na pamamaraan sa paghadlang at pagsugpo sa lahat ng paglabag.

**Art. 22** Walang sinoman ang maaaring alisan, sa mga kadahilanang pulitikal, ng katayuang legal, pagkamamamayan, pangalan.

**Art. 23** Walang paglilingkod na may katangiang pangpersonal o pangkapital ang maaaring ipataw maliban kung batay sa batas.

**Art. 24** Ang bawa't isa ay maaaring magsagawa ng pagkilos panghukuman upang ipagtanggol ang karapatang pansarili at mga lehitimong kapakanan. Ang karapatan sa pagtatanggol ay di-malalabag sa bawat hakbang at sandali ng paglilitis. Ang mga maralita ay siguradong magkakaroon, sa pamamagitan ng mga naaangkop na institusyon, ng mga pamamaraan sa pagsasampa at pagtatanggol sa harap ng lahat na antas ng hurisdiksyon. Ang batas ay nagtatakda sa mga tadhana at mga pamamaraan sa reparasyon ng mga kamaliang panghukuman.

**Art. 25** Walang sinuman ang maaaring ilipat mula sa karaniwang hukom na unang itinakda ng batas. Walang sinuman ang maaaring parusahan maliban sa batayan ng batas na naitakda na bago nakamit ang pagkakasala. Walang sinuman ang maipapasa-ilalim sa mga hakbangin pangseguridad maliban sa mga kasong itinadhana ng batas.

**Art. 26** Ang ekstradisyon ng isang mamamayan ay pahihintulutan lamang sa mga kasong mariinang itinadhana sa mga pagpupulong internasyonal. Hindi pahihintulutan ito sa kahit anong kaso ng pagkakasalang pulitikal.

**Art. 27** Ang pananagutan kriminal ay pangsarili. Ang nasasakdal ay hindi ituturing na may pagkakasala hanggang sa ang huling hatol ay itakda. Ang parusa ay hindi maaaring magtaglay ng pakikitungong lalabag sa dignidad ng tao at dapat maglayon sa rehabilitasyon ng nagkasala. Ang parusang kamatayan ay hindi pinahihintulutan, maliban sa mga kasong itinadhana ng batas militar.

**Art. 28** Ang mga opisyal at mga kawani ng Estado at mga entity na pampubliko ay tuwirang mananagutan, ayon sa mga batas na kriminal, sibil at pangangasiwa, para sa mga nakamit na gawaing labag sa karapatan. Sa mga pagkakataong ito, ang pananagutang sibil ay umaabot hanggang sa Estado at sa mga tauhang pampubliko.

PAMAGAT II

## MGA UGNAYANG ETIKAL AT PANLIPUNAN

**Art. 29** Kinikilala ng Republika ang mga karapatan ng pamilya bilang isang likas na lipunan na nakabatay sa kasal. Ang kasal ay batay sa moral at legal na pagkapantay-pantay ng mag-asawa sa loob ng mga hangganang itinakda ng batas upang magarantiya ang pagbubuklod ng pamilya.

**Art. 30** Tungkulin at karapatan ng mga magulang ang itaguyod, turuan at pag-aralin ang kanilang mga anak, kahit yaong isinilang sa labas ng kasal. Sa mga kaso na ang mga magu-

FILIPPINO

lang ay walang kakayahan, itinadhana ng batas ang pagsakatuparan ng kanilang mga tungkulin. Ang batas ay titiyak na ang mga anak na isinilang na labas sa kasal ay magkakaroon ng ganap na pangangalagang legal at panlipunan, na katumbas sa mga karapatan ng mga miyembro ng pamilyang lehitimo. Itinadhana ng batas ang mga patakaran at mga hangganan sa pagtitiyak kung sino ang ama.

**Art. 31** Ang Republika ay tumutulong, sa pamamagitan ng mga hakbanging pangkabuhayan at ibang mga paglalaan, sa paghuhubog ng pamilya at sa pagpapatupad ng mga tungkulin nito, na may natatanging konsiderasyon para sa malalaking pamilya. Ipagtatanggol nito ang pagiging-ina, kamusmusan at kabataan, at itataguyod nito ang mga institusyon na kinakailangan para dito.

**Art. 32** Pinangangalagaan ng Republika ang kalusugan bilang saligang karapatan ng bawat tao at bilang panglahatang kapakanan, at naggagarantiya ng libreng pangangalagang medikal sa maralita. Walang sinuman ang maaaring pilitin na sumailalim sa isang partikular na panggagamot para sa kalusugan maliban  kung itinadhana ng batas. Hindi maaaring labagin ng batas sa anumang pagkakataon ang mga katakdaang ipinataw bilang paggalang sa karapatang pantao.

**Art. 33** Ang sining at agham ay walang bayad at ang pagtuturo sa mga ito ay walang bayad. Ang Republika ay nagtatalaga ng mga pangkalahatang patakaran para sa edukasyon at nagtatatag ng mga paaralan ng Estado para sa lahat ng uri at baitang. Ang mga entity at mga pribadong tao ay may karapatan na magtatag ng mga paaralan at mga institusyon ng edukasyon, na walang mga ipinapataw para sa Estado. Ang batas, sa pag-aayos ng mga karapatan at pananagutan sa mga paaralang hindi pang-estado na humihiling ng pagkakapantay, ay dapat tiyakin ang ganap na kalayaan ng mga paaralan at dapat na tiyakin na ang kanilang mga mag-aaral ay tumatanggap ng edukasyon na kapantay sa nakukuha ng mga mag-aaral ng mga paaralan ng Estado. Kinakailangan ang mga pagsusuring pang-estado sa pagpasok sa mga sari-saring uri at baitang ng paaralan o sa kanilang pagtatapos at para sa kwalipikasyon sa pagganap ng isang propesyon. Ang mga institusyon ng mataas na pag-aaral, mga unibersidad at mga akademiya ay may karapatang magtatag ng kanilang mga regulasyon alinsunod sa mga itinakda ng mga batas ng Estado.

**Art. 34** Ang mga paaralan ay bukas para sa lahat. Ang edukasyong pang-elementarya, na ibinibigay sa hindi babata sa walong taon, ay sapilitan at walang bayad. Ang matatalino at karapat-dapat na mag-aaral, kahit walang kakayahan sa pananalapi, ay may karapatang makamit ang pinakamatataas na antas ng edukasyon. Binibigyan-bisa ng Republika ang karapatang ito sa pamamagitan ng mga scholarship, mga pagbabayad sa mga pamilya at iba pang mga paglalaan, na dapat italaga sa pamamagitan ng mga mapagtunggaling pagsusuri.

## PAMAGAT III
## MGA UGNAYANG PANG-EKONOMIYA

**Art. 35** Ipinagtatanggol ng Republika ang pagtatrabaho sa lahat ng mga anyo at mga gamitan nito. Ito ay naglalaan sa mga pagsasanay at propesyonal na pagpapahusay ng mga manggagawa. Ito ay nagtataguyod at naghihikayat ng mga kasunduang internasyonal at mga organisasyon na may layunin na magpatupad at pamahalaan ang mga karapatan ng manggagawa. Ito ay kumikilala sa karapatan na mandayuhan ng bansa, na pinangangalagaan ang mga pananagutang itinatag ng batas para sa kapakanan ng lahat, at ipinagtatanggol ang mga manggagawang Italyano sa ibang bansa.

**Art. 36** Ang mga manggagawa ay may karapatan sa sahod na angkop sa dami at kalidad sa kanilang gawain at sa lahat na kaso ay sapat upang matiyak nila at ng kanilang pamilya ang kabuhayang malaya at marangal. Ang pinakamaraming bilang ng araw ng pagtatrabaho ay itinakda ng batas. Ang mga manggagawa ay may karapatan na magkaroon ng isang linggguhang araw ng pahinga at mga taunang bakasyon na binabayaran pa rin. Hindi nila maaaring kusang talikdan ang karapatang ito.

**Art. 37** Ang mga babaeng manggagawa ay may mga pantay na karapatan at, para sa parehong gawain, mga sahod na kapantay ng mga lalaking manggagawa. Ang mga kalagayan sa trabaho ay kailangang magpahintulot sa mga babae na maisagawa ang kanilang mahalagang

tungkulin sa pamilya at titiyak sa natatanging pangangalaga para sa ina at sa anak. Itinatatag ng batas ang pinakamababang edad ng binabarayang pagtatrabaho. Pinangangalagaan ng Republika ang paggawa ng mga menor-de-edad sa pamamagitan ng mga natatanging paglalaan at ginagarantiya sa kanila, na para sa katumbas na paggawa, ang karapatan sa pantay na kabayaran.

**Art. 38** Ang bawa't mamamayan na hindi makapagtrabaho at walang mga pinagkukunan na kinakailangan upang mabuhay ay may karapatan sa pangangalagang at tulong panlipunan. Ang mga manggagawa ay may karapatan na mapaglaanan at makasiguro sa sapat na pamamaraan para sa kanilang mga pangangailangan at mga bagay na kinakailangan sa pagkakataon ng mga aksidente, karamdaman, kapansanan at katandaan, at di-sinasadyang kawalan ng trabaho. Ang mga taong baldado at may kapansanan ay may karapatan sa edukasyon at bokasyonal na pagsasanay. Ang mga tungkuling itinatag ng Artikulong ito ay inilalaan ng mga kasangkapan at mga institusyong itinatag o pinupunan ng Estado. Walang bayad ang tulong na pribado.

**Art. 39** Ang pag-organisa sa samahan ng manggagawa ay walang bayad. Walang mga pananagutan ang maaaring ipataw sa mga samahan ng manggagawa maliban sa pagrehistro sa mga tanggapang lokal o sentral, alinsunod sa itinadhana ng batas. Isang kondisyon sa pagrehistro ay na ang mga kautusan ng mga samahan ng manggagawa ay dapat sumangayon sa mga batayang demokratiko ng organisasyong internal. Ang mga rehistradong samahan ng manggagawa ay mga legal na nilalang. Sila ay maaaring, sa pamamagitan ng mga kinatawang unit na kabagay sa kanilang mga kasapi, pumasok sa mga lansakang kasunduan ng manggagawa na may sapilitang bisa para sa lahat na mga tao na nabibilang sa mga kategorya na tinutukoy sa kasunduan.

**Art. 40** Ang karapatan sa kilusang industriyal ay magagamit sa ilalim ng mga batas na namamahala dito.

**Art. 41** Ang pribadong pagsisimula ng kabuhayan ay walang bayad. Ito ay hindi maaaring gawin laban sa kapakanan ng publiko o sa pamamaraang makakalabag sa kaligtasan, kalayaan o kapakanan ng tao. Itinutukoy ng batas ang naaangkop na mga paghahanda at pangangasiwa upang ang mga gawaing pangkabuhayan na pampubliko at pribado ay mabibigyan ng patutunguan at mai-ugnay sa layuning panlipunan.

**Art. 42** Ang ariarian ay pampubliko o pribado. Ang mga kalakal na pangkabuhayan ay pag-aari ng Estado, mga entity o mga pribadong tao. Ang ari-ariang pribado ay kinilala at ginarantiya ng batas, na nagtatakda ng mga pamamaraan sa pagkamit at pagtamasa nito at ng mga katakdaan nito upang matiyak ang layuning panlipunan nito at upang madali itong maabot ng lahat. Ang ari-ariang pribado ay maaaring, sa mga pagkakataong inilaan ng batas at sa pagkakaroon ng mga paglalaan para sa kabayaran nito, kunin para sa kapakanan ng publiko.Itinatatag ng batas ang mga patakaran at mga hangganan ng pamanang lehitimo at testamentaryo at ang karapatan ng Estado sa mga katanungang ng pamana.

**Art. 43** Para sa mga layunin ng pangkalahatang paggamit, ang batas ay maaaring maglaan sa umpisa pa lamang o maglipat, sa mga pamamaraan ng pagkuha at pagbigay ng pasahod, tungo sa Estado, sa mga entity na pampubliko o sa mga kapisanan ng manggagawa o tagagamit, sa mga tukoy na negosyo o mga kategoriya ng mga negosyo na kaugnay sa mga kinakailangang serbisyo na pampubliko o mga pinagkukunan ng enerhiya o mga sitwasyon na may monopoliya at iyong may katangian na pangunahing kapakanang pangkalahatan.

**Art. 44** Para sa layunin ng pagkamit ng rasyonal na pakikinabang sa lupa at sa pagtatag ng pagkakapantay-pantay ng mga kaugnayang panlipunan, ang batas ay nagpapataw ng mga pananagutan at mga paghihigpit sa pribadong pag-aari ng lupa, ay nagtatakda ng mga hangganan sa paglalawig niyon batay sa rehiyon at sonang pang-agrikultura, ipinapatupad at hinihikayat ang reklamasyon ng lupa, ang pagiibang-hugis sa mga malalaking estado at ang muling pagsasa-ayos ng mga bahaging kapakipakinabang, pagtulong sa mga pag-aaring maliliit at katamtaman ang laki. Gumagawa ang batas ng mga paglalaan na pabor sa mga bulubunduking pook.

**Art. 45** Kinikilala ng Republika ang tungkuling panlipunan na kooperasyong likas na pakikiramay at walang mga pakay na pribadong espekuslasyon. Itinataguyod at hinihikayat ito ng batas sa pamamagitan ng mga naaangkop na pamamaraan at tinitiyak, sa pamamagitan ng mga naaangkop na kontrol, sa kanilang mga katangian at layunin. Ang batas ay naglalaan ng mga pamamaraan sa pangangalalaga at pagtataguyod sa mga sining na gawang-kamay.

**Art. 46** Sa layunin na pagpapahusay ng ekonomiya at pagpapabutin ng paggawa sa lipunan at sang-ayon sa mga kinakailangan ng produksyon, kinikilala ng Republika ang karapatan ng mga manggagawa na magtulong-tulong, sa mga pamamaraan at mga hangganang itinakda ng batas, sa pangangasiwa ng mga negosyo.

**Art. 47** Hinihikayat at pinangangalagaan ng Republika ang pag-iimpok sa ano mang anyo; ito ay nagtatakda ng disiplina, nag-uugnay at nangangasiwa sa paggamit ng pautang. Itinataguyod nito ang pagkamaaabot sa pag-iipon para sa pag-aari ng bahay, sa mga ari-ariang tuwiran tinatamnan at sa di-tuwirang pamumuhunan sa mga sapi ng mga kalakal na may malalaking produksiyon sa bansa.

TITULO IV
## MGA KARAPATANG PAMPULITIKA

**Art. 48** Ang lahat na mamamayan, lalaki o babae, na nakakamit ang mayorya, ay ang mga manghahalal. Ang boto ay personal at pantay, malaya at lihim. Ang pagganap nito ay isang tungkuling panlipunan. Ang Batas ng Parlamento ay magtatatag ng mga tadhana at ng mga pamamaraan kung saan ang mga mamamayang Italyano na naninirahan sa labas ng bansa ay maaaring gumamit sa kanilang karapatan sa pagboto sa mga halalan ng Italya, at gagarantiyahan ang pagiging mabisa nito. Sa dahilang ito, lilikhain ang isang 'Botante sa Labas ng Bansa" kung saan maaaring ihalal ang mga Miyembro sa kapwa Kapulungan ng Parlamento. Ang bilang ng mga upuan ay itatakda ng isang konstitusyonal na batas at sasang-ayon sa mga pamantayan na isinabatas ng Batas ng Parlamento. Ang karapatang na bumoto ay hindi dapat pigilan maliban sa kawalang-kakayahang sibil o bilang resulta ng parusang pagkakabilanggo na di-mababawi o sa mga kaso ng kawalan ng moralidad na itinakda ng batas.

**Art. 49** Ang lahat ng mamamayan ay may karapatan na makipag-ugnayan nang malaya sa mga partido upang makadagdag sa pamamagitan ng mga kilusang demokratiko sa pagtutukoy ng mga patakarang pambansa.

**Art. 50** Ang lahat ng mamamayan ay maaaring magharap ng mga panukala sa kapwa Kapulungan upang humiling ng mga hakbanging lehislatibo o magpahayag ng mga lansakang pangangailangan.

**Art. 51** Ang lahat ng mamamayan ng alinmang kasarian ay karapat-dapat sa mga katungkulang pambayan at sa mga katungkulang halal nang pantay-pantay, ayon sa mga tadhanang itinatag ng batas. Ang batas ay maaaring magbigay sa mga Italyano na hindi naninirahan sa Republika ng mga magkatulad na karapatan bilang mamamayan para sa mga dahilan ng pagkakaroon ng akses sa mga katungkulang pampubliko at mga katungkulang halal. Sinuman ang tinawag na gumanap sa isang katungkulang halal ay may karapatan na magkaroon ng sapat na panahon sa pagsasagawa sa tungkuling ito at pangalagaan ang kaniyang puwesto sa trabaho.

**Art. 52** Ang pagtanggol sa Amang Bayan ay isang dakilang tungkulin ng bawat mamamayan. Ang paglilingkod na militar ay sapilitan sa loob ng mga hangganan at mga pamamaraan na itinakda ng batas. Ang katuparan nito ay hindi dapat makakahadlang sa pagtatrabaho ng mamamayan, o sa paggamit ng mga karapatang pampulitika. Ang mga tuntunin ng sandatahang lakas ay batay sa diwang demokratiko ng Republika.

**Art. 53** Ang lahat ay dapat maka-ambag sa mga gastusing pambayan ayon sa kaniyang kakayahan. Ang sistema ng pagbubuwis ay batay sa pamantayan ng pag-unlad.

**Art. 54** Ang lahat ng mamamayan ay may tungkulin na maging tapat sa Republika at itaguyod ang kaniyang Konstitusyon at mga batas. Ang mga mamamayan na siyang pinagkatiwalaan ng mga tungkuling pambayan ay may tungkulin na ipagtupad ang mga tungkuling ito nang may disiplina at dangal, na nanunumpa sa mga pagkakataong itinakda ng batas.